



May 16, 2023

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

THRU : The Assistant Regional Director for Technical Services

FROM : The OIC, PENR Officer
Oriental Mindoro

SUBJECT : **SUBMISSION OF MINUTES OF THE SPECIAL EXECUTIVE COMMITTEE MEETINGS OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK - PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB)**

Forwarded are the minutes of the Special Executive Committee Meetings of the NLNP-PAMB. A total of two (2) meetings were conducted dated April 4 and 13, 2023 at DENR-PENRO, Conference Room, Brgy. Suqui, Calapan City, Oriental Mindoro. These mainly discussed the proposals of BFAR for the oil spill affected fisherfolks in the municipalities of Naujan and Pola. The BFAR requested the PAMB to consider their proposal of allowing the affected fisherfolks to use a certain portion of NLNP.

The nine (9) existing fish sanctuaries within NLNP were discussed by the PASu, with a total of 481 registered fisherfolks within its vicinity. These fish sanctuaries were identified and established as *Strict Protection Zones*, while the remaining areas outside the sanctuaries were declared *Multiple-Use Zones*.

The daily situational report on the MT Princess Empress Oil Spill was also reported. The report focused on activities spearheaded by BFAR such as continuous close coordination with concerned agencies regarding the crisis and food distribution and livelihood support to affected fisherfolks. The PASu also held a presentation regarding the profile of NLNP to further enlighten BFAR in conducting the livelihood support for the affected fisherfolks.

Further details are specified in the attached document, including financial breakdown of expenses, photo-documentations, and attendance sheets.

For information and reference.

ALAN L. VALLE



PENRO Tracking No.: 2305000053
TSD-CDS nedpm



May 2, 2023

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
THRU : The OIC, PENR Officer
FROM : The CENR Officer
SUBJECT : **SUBMISSION OF MINUTES OF THE SPECIAL EXECUTIVE COMMITTEE MEETINGS OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB)**

DENR-MIMAROPA REGION	
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE	
ORIENTAL MINDORO	
PENRO TRACKING NO.	
RECEIVED BY: <i>[Signature]</i>	
DATE: MAY 02 2023	

Respectfully submitting the following minutes of the meetings of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB).

Meeting	Date	Venue
Special Executive Committee Meeting	April 4, 2023	DENR-PENRO Conference Room Calapan City, Oriental Mindoro
Special Executive Committee Meeting	April 13, 2023	DENR-PENRO Conference Room Calapan City, Oriental Mindoro

The meetings were held to give way for the presentation of proposed programs/ projects/ activities of the Department of Agriculture – Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (DA-BFAR) relative to the oil spill affected fisherfolks of the Municipalities of Naujan and Pola. The programs/ projects / activities were proposed to be established in Naujan Lake National Park.

Also attached are the photos and attendance sheet during the special meeting.

For information, record and consideration.

[Signature]
RODEL M. BOYLES



May 2, 2023

MEMORANDUM

FOR : The CENR Officer

FROM : The Senior ECOMS/ PASu, NLNP

SUBJECT : **SUBMISSION OF MINUTES OF THE SPECIAL EXECUTIVE COMMITTEE MEETINGS OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB)**

DENR-MIMAROPA REGION	
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE	
ORIENTAL MINDORO	
PENRO TRACKING NO.	
RECEIVED BY: <i>[Signature]</i>	
DATE:	MAY 09 2023
TIME:	

Respectfully submitting the following minutes of the meetings of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB).

Meeting	Date	Venue
Special Executive Committee Meeting	April 4, 2023	DENR-PENRO Conference Room Calapan City, Oriental Mindoro
Special Executive Committee Meeting	April 13, 2023	DENR-PENRO Conference Room Calapan City, Oriental Mindoro

The meetings were held to give way for the presentation of proposed programs/ projects/ activities of the Department of Agriculture – Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (DA-BFAR) relative to the oil spill affected fisherfolks of the Municipalities of Naujan and Pola. The programs/ projects / activities were proposed to be established in Naujan Lake National Park.

Also attached are the photos and attendance sheet during the special meeting.

For information, record and consideration.

RICARDO R. NATIVIDAD



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro



KATITIKAN NG PAGPUPULONG
(NLNP-PAMB Special Executive Committee Meeting)

Petsa: Abril 4, 2023

Lugar: DENR PENRO Conference Room, Suqui, Calapan City, Oriental Mindoro
(gamit ang Zoom Application)

Mga Dumalo:

- | | | |
|---------------------------|---|---|
| 1. LORMELYN E. CLAUDIO | - | Regional Executive Director, DENR MIMAROPA (via zoom) |
| 2. MARILYN M. ALCAÑICES | - | PAGO-Fishery Division |
| 3. RAQUELITA M. UMALI | - | MGDH-I, LGU Naujan |
| 4. VICTOR R. ESTRADA, JR. | - | PCO, DWCC |
| 5. LYDIA MUÑECA S. MELGAR | - | PPDO, Calapan City (via zoom) |
| 6. GRACE C. DIAMANTE | - | Executive Director, MBCFI (via zoom) |
| 7. RACHEL B. MONTERO | - | SRS II, DOST |
| 8. LORENZO F. CARREON, II | - | OIC-MPDC, LGU Pola (via zoom) |
| 9. CESAR P. DELICA | - | Agriculturist I, LGU Socorro (via zoom) |

Hindi Dumalo:

- | | | |
|----------------------------|---|-------------------------------|
| 1. EnP. CAROLINE G. MANUEL | - | MPDC, LGU Victoria (via zoom) |
|----------------------------|---|-------------------------------|

Secretariat:

- | | | |
|-----------------------------|---|-------------------------------------|
| 1. RICARDO R. NATIVIDAD | - | Senior ECOMS/PASu, NLNP-PAMO |
| 2. JOSE MARIA M. FONTANILLA | - | ECOMS I/APASu, NLNP-PAMO (via zoom) |
| 3. KATHLEEN JANE R. LUGTU | - | Forest Technician I, NLNP-PAMO |

Resource Speakers/ Mga Panauhin:

- | | | |
|-----------------------------|---|---|
| 1. ENGR. ALAN L. VALLE | - | OIC-PENR Officer, Oriental Mindoro (via zoom) |
| 2. ALMA E. GIBE | - | Chief TSD, DENR PENRO, Or. Mindoro |
| 3. RODEL M. BOYLES | - | CENRO Socorro, Oriental Mindoro |
| 4. BEA NATASHA R. FORTU | - | Forester II, DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 5. DALIA G. BIGTAS | - | DENR PENRO, Oriental Mindoro |
| 6. CHRISTINE M. PINE | - | PAGO, Calapan City |
| 7. EMMANUEL H. ASIS | - | Regionl Director, BFAR MIMAROPA |
| 8. GREO ELAYDO | - | BFAR MIMAROPA |
| 9. LENIE GONZALES | - | BFAR MIMAROPA |
| 10. MARY ROSE C. MARTIN | - | BFAR MIMAROPA |
| 11. AL DELA TORRE | - | BFAR MIMAROPA |
| 12. AIREN CARAY | - | Forester II, DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 13. MARIE LOUISE BINWAG | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 14. NEIL EDGAR DEX P. MARZA | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 15. RICK DUMADAG | - | SFMS, DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 16. ALLAH KAYE D. MARATO | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 17. AQUEM JANNA HERNANDEZ | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 18. CARL DENZEL MODO | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 19. SAIRA ALFANTE | - | DENR-PENRO, Or. Mindoro |

I. Panalangin

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-1:45 ng hapon sa pamamagitan ng isang panalangin gamit ang isang *video presentation* na pinangunahan ni For. II Bea Natasha R. Fortu.

II. Pag-Awit Ng Pambansang Awit Ng Pilipinas

Muling nagkaroon ng *video presentation* para naman sa pagkanta sa Pambansang Awit ng Pilipinas.

III. Adyenda

1. Pagpapakilala sa mga nagsipagdalo at pagpapatunay ng kurom

Naging tagapagpadaloy sa umpisa ay si Bb. Fortu in-acknowledge ang presensya ng Regional Executive Director ng DENR MIMAROPA na si Bb. Lormelyn E. Claudio na siyang awtomatikong naging tagapanguna sa nasabing pagpupulong bilang *Chairperson* ng PAMB. Binigyan ng pagkakataon na magpakilala ng kani-kaniyang mga sarili ang mga nagsipagdalo. Idineklara ni PASu Ricardo R. Natividad na mayroong korum kung kaya't inumpisahan na ang pagpupulong sa pangunguna ni RED Claudio. Kinilala ni RED Claudio ang presensya ng bawat isa lalong higit ang Regional Director ng BFAR MIMAROPA na si G. Emmanuel H. Asis. Sinabi niya na ang nasabing pagpupulong ay upang ilahad ng BFAR ang kanilang nais na proyekto para sa mga mangingisda na naapektuhan ng *oil spill*. Dagdag pa niya na ang proyektong nais gawin ng BFAR ay sa loob ng parke kung kaya't nagkaroon ng espesyal na pagpupulong ang miyembro ng PAMB upang ito ay talakayin.

2. Presentation and Approval of the Provisional Agenda

Pinangunahan ni RED Claudio ang pagpapaliwanag kung saan naka-*focus* ang talakayan. Ito ay ang paglalahad ng BFAR ng kanilang *proposal* sa paggamit ng *portion* ng Naujan Lake National Park (NLNP) para sa *aquaculture development* na maaaring makatulong sa mga mangingisda na naapektuhan ng *oil spill*. Sinabi din nya na inaasahan ang anomang suhestiyon at *insights* mula sa mga miyembro ng PAMB, at gayundin mula kay CENRO at PENRO sa magiging *proposal* na ito.

A. Paglalahad ng Fish Sanctuary ng Naujan Lake National Park (NLNP)

Si PASU Natividad ang siyang naglahad patungkol sa mga *fish sanctuaries* sa loob ng Naujan Lake. Ayon sa kanya, mayroong siyam (9) na na-*identify* na *fish sanctuary* sa loob ng Naujan Lake. Ipinakita niya sa mapa kung saan matatagpuan ang mga ito para sa kaalaman ng lahat. Karamihan sa mga ito ay matatagpuan sa parte ng Victoria. Base sa talaan ng PAMO, mayroong 481 na rehistradong mangingisda sa loob ng Naujan Lake na dito kumukuha ng kinabubuhay sa lago. Doble sa bilang na ito naman ang mga hindi nakarehistro. Dagdag din ni CENRO Rodel M. Boyles na ang PAMO ay nag-*identify* ng mga *fish sanctuaries* at ito ay ginawang *strict protection zone*. Ayon pa rin kay CENRO Boyles na ang natitirang bahagi ng NLNP ay dineklarang *multiple-use zone*.

Itinanong ni RED Claudio kung si Director Asis ng BFAR ay miyembro na ng PAMB, at ayon naman kay PASU Natividad, ang inindorso ni dating RD Elizer S. Salilig ng BFAR na maging miyembro ng nasabing opisina sa PAMB ay ARD Roberto R. Abrera.

Hiniling naman ni PENRO Alan L. Valle na ipakita sa *screen* ang mapa ng Management Zones ng Naujan Lake National Park para sa kalinawan ng lahat at para na din makita ng mga nagsipagdalo kung saan nakalagay ang mga *fish sanctuaries* na na-identify ng PAMO. Inilahad naman ito ng PAMO.

B. Paglalahad ng Situational Report on the Oil Spill in Oriental Mindoro at ng kanilang proposed project sa portion ng Naujan Lake National Park for Aquaculture Development

Unang ipinakita at tinalakay ng RD Emmanuel H. Asis ang kanilang ulat patungkol sa sitwasyon ng tumagas na langis sa Oriental Mindoro. Inilahad niya ang mga gawain sa pangunguna ng BFAR gaya ng mga sumusunod:

- 1. *Continuous close coordination with concerned agencies and NGOs, PLGU-Or. Mindoro, DENR, PCG, N/R/PDRRMC, P/M/CENRO, PNP, MALAMPAYA Foundation, USAID* at iba pa.
- 2. *Food packs distribution and Livelihood Support*

Municipality	Project	Amount (Php) per beneficiary	No. of Beneficiaries	Total Amount
Naujan, Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas	Provision of food assistance	300.00	5,000	1,500,000.00
Province-wide Oriental Mindoro	Provision of P.E. ropes and PPE and othe materials for clean-up activities	720,945.00	1	720,945.00
Pola, Naujan, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas, Mansalay, Bulalacao	Fish Smoking Technology		689	4,400,000.00

Ang mga proyekto na nabanggit ay naipamahagi at naisagawa na ng BFAR para sa mga target na benepisyaryo.

Ang mga sumusunod naman na proyekto ay ang mga *proposed project* ng BFAR. Ito ay makakatulong sa mga mangingisda na naapektuhan ng *oil spill* upang mapagkunan ng ikakabubuhay habang mayroon pang *fishing ban* sa lalawigan.

Municipality	Project	Amount (Php) per beneficiary	No. of Beneficiaries	Total Amount
Naujan and Pola	50 units of fiberglass reinforced plastic fishing boats		100	5,000,000.00
Bansud and	10 units 5x5		100	5,000,000.00

Naujan	bamboo fish cages and 2 units of HDPE fish cages			
--------	--	--	--	--

Ayon kay RD Asis, 287 na mangingisda mula Pola at 372 na mangingisda mula Naujan ang target na makikinabang sa proyektong ito. Dagdag pa niya, ang BFAR at PAGO ay magtutulungan para sa pagmomonitor at pagmamahala ng mga *fish cages*.

Itinanong ni CENRO Boyles kung hanggang kailan magtatagal ang mga *fish cages* at ano ang *rate* ng paglaki ng mga bangus. Dagdag pa ni CENRO Boyles kailangan mayroong regulasyon sa paglalagay ng nasabing *fish cages*.

Tanong din ni Bb. Grace Diamante ng MBCFI kung ang nasabing proyekto ba ay tanggap ng komunidad at kung ito ba ang kanilang hiniling o ito ba ay isa lamang alternatibong *proposal* ng BFAR. Sinabi ni Bb. Diamante na hindi pinapayagan ang *fish cages* sa Naujan Lake dahil ito ay *Strict Protection Zone* base sa *Management Plan* ng NLNP. Dagdag pa niya ang PAMB ay walang *team mechanism* subalit kailangan na mapanatili at masigurado ang integridad ng Naujan Lake. Tinanong din niya kay RD Asis kung isinaalang-alang din ba ng BFAR ang iba pang *bodies of water* gaya ng ilog para sa implementasyon ng kanilang proyekto.

Nilinaw ni RD Asis na itong proyekto nila ay isa lamang sa mga *option* at hindi pa nila ito naikokonsulta sa komunidad. Aniya, inuna muna nila ang pagkonsulta at pag-aproba ng PAMB bago nila ilatag ito sa komunidad. Ayon sa kanya, ang mga *fish cages* na ito ay magtatagal lamang habang hindi pa naibaba ang *fishing ban* at ito ay mga *minimal interventions* lamang at hindi ito makakapagdulot ng polusyon sa komunidad o sa lawa. Sabi pa niya, isa rin sa binigyang konsiderasyon nila ang mga *inland bodies of water* sa San Teodoro, subalit may kautusan na nagbabawal sa pangingisda sa mga karagatan. Nakapagsagawa na rin sila ng imbentaryo sa ibang katubigan gaya ng Caluangan Lake at iba pang *bodies of water* sa Puerto Galera. Ayon pa rin kay RD Asis, isa pa sa kanilang *proposal* na proyekto ay ang *fuel subsidy* sa mga mangingisda at ito ay pinag-usapan na nila ng Gobernador ng Oriental Mindoro. Inihain din ng BFAR ang mga lugar na prosibleng pangisdaan sa mga kalapit na probinsya gaya ng Occidental Mindoro, Romblon, Palawan, at Marinduque.

Dagdag pa ulit ni RD Asis, ang mga target na benepisyaryo ay mga organisasyon ng mangingisda sa Naujan at Pola at ang datos ay base sa Provincial Agriculture Office (PAgO). Sinagot naman ni Bb. Cristine Pine ng PAgO na mayroong anim (6) na asosasyon ng mga mangingisda mula Naujan at siyam (9) na asosasyon mula Pola. Tanong ni RED Claudio kung lahat ba ng mga *fisherfolk* na nito ay matutulungan ng proyekto, kasama ang 287 na mangingisda sa Naujan at 372 naman sa Pola. Ayon naman kay PENRO Alan Valle, mas mainam na huwag lang mag*focus* sa Naujan Lake bagkus maaari din i-*consider* ang ibang katubigan gaya ng Caluangan Lake. Sinabi din Bb. Grace Diamante na baka pwedeng ma-*consider* yung Fishpond Lease Agreement (FLA) sa Butas River na labas sa Naujan Lake.

Iginiit naman ni Bb. Diamante na sa Butas River na lamang ilagay ang proyekto, labas sa *Protected Area*. Tinanong din niya kay PASu kung posible ba na magamit ang Butas River para sa mga *fish cages* at sinabi naman ni PASu na maari naman at magkakaroon din muna sila ng *assessment* dito. Ayon kay CENRO Boyles, kailangang alamin ang *duration* ng proyekto, makipag-*coordinate* sa *local chief executives* at i-*consider* at i-*explore* ang iba pang mga *inland water* maliban sa Naujan Lake. Sinabi ni RED Claudio na ipresenta ng BFAR sa susunod na pagpupulong ang mas komprehensibong detalye gaya ng eksaktong bilang ng mga makikinabang sa proyekto, gaano katagal ang mga *cages* sa lake at mekanismo ng pagdedeploy ng mga mangingisda, at iba pa.

194 Nilinaw muli ni RD Asis na ang mga HDPE ay *removable, detachable,*
195 *transferrable and collapsible.* Ayon pa sa kanya, hindi lamang ang mga mangingisda ang
196 direktang makikinabang sa proyekto, gayundin ang mga nagtitinda ng mga *aquaculture*
197 *feeds,* mga nagtitinda at nagpoproseso ng isda gaya ng *fish-drying* at *fish-smoking.* Ang
198 mga gagawa ng *fish cages* ay mga lokal na residente at mismong ang BFAR ang gagabay
199 at magtuturo sa kanila kung paano gawin ang mga ito. Sa ganitong paraan, magkakaroon
200 ng dagdag kita ang mga lokal na residente dahil sila ay babayaran sa paggawa ng mga
201 *bamboo cages.* Gayundin ang mga materyales na gagamitin ay bibilhin mismo sa lugar na
202 malapit sa Naujan Lake.

203
204 Hiniling ni RED Claudio na magbigay ng kanilang *insights* o komento ang iba
205 pang miyembro ng PAMB. Ayon kay Bb. Pine, ang proyektong ito ng BFAR ay isa sa
206 mga proyekto kaugnay ng *Oil Spill Recovery Plan* ng Provincial Government at
207 nakapagsagawa na rin sila ng pagpupulong patungkol sa planong ito. Dagdag pa niya na
208 ang proyektong ito ng BFAR noong iprenisenta ito sa provincial government ay *for only*
209 *short duration* hanggang sa ang *fishing ban* ay maialis na. At ito ay ipapatupad ng may
210 regularidad at *monitoring.* Kung ito ay maiiconsider ng PAMB, ang proyektong ito ay
211 may positibong epekto sa *food security* dahil sa ngayon ay *compromised* talaga ang *food*
212 *security* ng *fisherfolks.* Nagkaroon na rin ng *computation* kung gaano karami ang maha-
213 *harvest* sa mga *fish cages* na ito at ilan ang mapapakain sa mga ito. Ang isang HDPE
214 aniya ay tinatayang makapagha-harvest ng 20,000MT at maaring makapagpakain ng
215 50,357 katao. Ito ang *direct impact in terms of food security.* Ayon kay Bb. Pine na
216 maaring magkaroon ng *regular monitoring* para na rin sa seguridad na hindi
217 maapektuhan ang mga buhay-ilang sa lawa. Pinasalamatan naman ito ni RED Claudio
218 para sa malinaw na paglalahad ni Bb. Pine at sinang-ayunan niya ito.

219
220 Sunod naman na nagbigay ng komento ay si Bb. Raquelita Umali ng Naujan.
221 Ayon sa kanya, sila sa Naujan ay napakataas ng respeto sa Naujan Lake Management
222 Plan. Binanggit pa niya na nakalahad sa prohibisyon sa *management plan* na “*Only*
223 *sustainable municipal fishing methods and practices (e.g.capture fisheries) shall be*
224 *allowed in the multiple use zone of Naujan lake. Fish cages and fish ponds are*
225 *prohibited.*” Sila sa Naujan ay sinabihan na magsumite ng *suggested Recovery Plan* para
226 sa mga *affected coastal barangays* at hindi sumagi sa kanilang isipan ang ganitong
227 proyekto dahil alam ng mga residente na ang *fish cages* ay mahigpit na pinagbabawal sa
228 Naujan Lake. Ang agam-agam ng mga taga-Naujan kung ang proyektong ito ay
229 matutuloy, ay maaaring ito na iyong simula ng pagkakaroon ng polusyon na matagal na
230 iningatan ang Naujan Lake ay baka matulad lang sa ibang lawa. Dagdag pa niya na alam
231 naman ng lahat na *comparable* ang *quality* ng ating tilapia sa Naujan Lake dahil wala
232 itong kontaminasyon hindi tulad ng sa iba na kontaminado. Ayon pa rin sa kanya,
233 kasunduan nila ng Mayor ng Naujan na anoman ang mapagkasunduan dito sa PAMB ay
234 kanilang susuportahan subalit aayaw nila na masalaula ang Naujan lake. Isa rin sa
235 *assignment* ng Mayor nila na kung ano ang mga *mechanics* o *regulation* sa pagpapatupad
236 ng proyekto. Inaasahan ng local na pamahalaan ng Naujan ang magkaroon ng malinaw at
237 mas detalyadong *consultation* bago isagawa ang ganitong proyekto. Kailangan ang mga
238 *stakeholder* ay totoong kikita at magkaroon ng mga *suggested beneficiaries* lalo na ang
239 mga apektado ng *oil spill.* Giit pa din ni Bb. Umali, ang Montelago, Naujan ay hindi
240 apektado ng *oil spill* subalit ito ay isa sa mga inilahad ng BFAR na makikinabang sa
241 proyekto. Maaaring magkakaroon ng problema sa ilan sa kanilang mga residente lalo na sa
242 mga barangay na apektado ng *oil spill* pero hindi nakasama sa listahan ng benepisyaryo
243 ng proyekto. Maaari din aniya na tingnan iyong mga kalupaan ng Naujan Lake. Tanong
244 pa niya kung yung mga taga Herrera ba ay pupunta sa Naujan Lake para mangisda at
245 bakit may mga napasamang benepisyaryo na hindi naman talaga apektado ng *oil spill.*

246
247 Pinasalamatan din ni RED Cladio ang pahayag ni Bb. Umali. Tanong ni RED
248 Claudio, kung ilan ba ang apektadong *fisherfolks* sa Naujan. Ayon kay Bb. Umali may
249 kabuuang 1,553 mula sa 11 *coastal barangays.* Inulit ni RED Claudio na magkaroon ng
250 *clear mechanics* sa pagpapatupad ng *HDPE cages.*

251 Nilinaw naman ng isa sa mga taga BFAR na magkakaran pa ng *validation* sa mga
252 magiging benepisyaryo ng proyekto at ang mga target nila ay mga asosasyon ng
253 *fisherfolks* mula sa PAGO.
254

255
256 Panghuling naglahad ng kanyang komento patungkol sa proyekto ng BFAR si Bb.
257 Rachel Montero mula sa DOST. Ayon sa kanya, nagsagawa sila ng pagbisita sa lugar ng
258 Misong at Buhay na Tubig sa Pola, at napakalayo ng lugar sa Naujan Lake. Para sa
259 kanya, iyong *accessibility* ang magiging problema dahil imposible o mahirap na dumayo
260 ang taga-Misong sa Naujan Lake para mangisda. Pinasalamatan din siya ni RED Claudio
261 sa kanyang komento.
262

263 Nais ni RED Claudio na magkaroon muli ng pagpupulong kaugnay dito upang
264 makapag desisyon ang mga miyembro ng PAMB. Hiniling din niya kay RD Asi na
265 magkaroon ng mas malinaw at detalye patungkol sa proyektong gagawin nila.
266 Pinaanyayahan naman ni RD Asis ng kahilingan ni RED Claudio subalit sa susunod na
267 pagpupulong ay hindi na siya makakadalo *face to face* ngunit magtatalaga siya na
268 maaring dumalo sa pagpupulong.
269

270 Iminungkahi ni RED Claudio na isagawa ang susunod na pagpupulong sa ika-11
271 ng Abril (Martes) ngunit ang ibang PAMB ay hindi *available* sa araw na iyon, kung
272 kaya't tinanong ni RED Claudio ang *availability* ng bawat isa. Napagdesisyunan na ang
273 susunod na pagpupulong ay sa ika- 13 ng Abril (Huwebes). Ito ay sinang-ayunan ng
274 lahat.
275

276 Suhestiyon ni RED Claudio na magkaroon ng *resolution* patungkol sa *high-*
277 *density polyethylene* (HDPE) fish cages na proposed ng BFAR para sa pansamantalang
278 pangkabuhayan ng mga apektadong mangingisda ay patuloy na pag-aaralan ng miyembro
279 ng PAMB. Ito ay sinang-ayunan ni Bb. Montero.
280

281 Inatasan naman ni RED Claudio ang PAMB secretariat na gawin ang mga
282 minutes para sa susunod na nakatakdang pagpupulong.
283

284 **3. Adjournment**
285

286 Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-4:42 ng hapon sa pamamagitan ng
287 mungkahi ni Bb. Montero ng DOST na pinangalawahan ni Bb. Umali at ng lahat ng
288 dumalo.
289

290
291 Inihanda ni:

292
293
294 **RICARDO R. NATIVIDAD**
295 PASu, NLNP/PAMB Secretariat
296
297
298

299 Pinatunayan at pinagtibay ni:

300
301
302 **LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
303 Regional Executive Director/PAMB Chairperson



**Photo Documentation during the Special Executive Committee Meeting
(April 4, 2023, Tuesday)**







Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
Community Environment and Natural Resources Office
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE



**Photo Documentation during the Special Executive Committee Meeting
(April 4, 2023, Tuesday)**





Attendance Sheet
Naujan Lake National Park- Protected Area Management Board
Special Executive Committee Meeting
April 4, 2023

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1	Mary Rose C. Marchin		/	CA II	Calapan City	09128974818	
2	AL DELA TORRE	/		OLC, TMRERO	DAEFAN MIMAROPA	09173142559	
3	VICTOR ESTERA JR	/		PCO	DUC, CENANG CITY	09479643002	
4	RHEANITA M. UMBAL	/		med H	Leg-Naujan	09173020092	
5	CHRISTINE W. PINO	/		Paol Aguilar	PCON-PAO-CC	05776753714	
6	Maribel Cleamers	/		Supervising Agr	PCON-PAO	09178576177	
7	Emmanuel H. Aris	/		Reg. Dir.	PCON-PAO	09178576177	
8	Louie Pangulo	/		OLC PPD-Or-min	BPAN MIMAROPA	09175349222	
9	GREGO M. ELAYDO	/		Agriculturist II	BPAN MIMAROPA	09175349222	
10	ALBERT B. MONTEBANO	/		SOS IT	DUST	09167480261	
11	BETH MATHA FOLIN	/		tbl	PENNA		
12	Dalia G. Bigtas	/		stt	PENROffice		
13	Airen Canay	/		tbl	PENRO		
14	Marie Louie Kinway	/		tbl	PENRO		
15	Neil Edgar Dex P. Maiza	/		CMEMP ED	PENRO	09282036519	



Attendance Sheet

Naujan Lake National Park- Protected Area Management Board

Executive Committee Meeting

February 3, 2023

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
16	ANNA E. GIBRE		/	Chief, THP	PERRO		
17	Pete Punday	/		SFMS	PERRO		
18	Alon Kage Marie D. Marito		/	Data Encoder	PERRO		
19	ARTEM JAVIER T. HERNANDEZ		/	OTPC SUPPORT STAFF			
20	Cay I. Penzel Albedo	/		Technical Staff			
21	SARBA E. AVENANTE		/	PMO			
22	ALBERT PAMICAN	/		T. S.			
23	Kathleen Jane R. Magu		/	FTI	CENRO Socorro - NLNP-PMO		
24	Ricardo F. Natividad	/		PMO	"		
25	Rodel N. Boyles	/		CENRO official	CENRO Socorro		
26							
27							
28							
29							
30							



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro



KATITIKAN NG PAGPUPULONG
(NLNP-PAMB 2nd Special Executive Committee Meeting)

Petsa: Abril 13, 2023

Lugar: DENR-PENRO Conference Room, Suqui, Calapan City, Oriental Mindoro
(gamit ang Zoom Application)

Mga Dumalo:

- | | | |
|---------------------------|---|---|
| 1. LORMELYN E. CLAUDIO | - | Regional Executive Director, DENR MIMAROPA (via Zoom) |
| 2. MARILYN M. ALCAÑICES | - | PAGO-Fishery Sector, Calapan City |
| 3. RAQUELITA M. UMALI | - | MGDH-I, LGU-Naujan |
| 4. VICTOR R. ESTRADA JR. | - | PCO, DWCC (via Zoom) |
| 5. LYDIA MUÑECA S. MELGAR | - | PPDO, Calapan City (via Zoom) |
| 6. GRACE C. DIAMANTE | - | Executive Director, MBCFI (via Zoom) |
| 7. RACHEL B. MONTERO | - | SRS II, DOST (via Zoom) |
| 8. LORENZO F. CARREON II | - | OIC-MPDC, LGU-Pola (via Zoom) |
| 9. CESAR P. DELICA | - | Agriculturist I, LGU-Socorro (via Zoom) |

Hindi Dumalo

- | | | |
|----------------------------|---|--------------------|
| 1. EnP. CAROLINE G. MANUEL | - | MPDC, LGU Victoria |
|----------------------------|---|--------------------|

Secretariat:

- | | | |
|-----------------------------|---|------------------------------------|
| 1. RICARDO R. NATIVIDAD | - | Senior ECOMS/PASu, NLNP-PAMO |
| 2. JOSE MARIA M. FONTANILLA | - | ECOMS I/APSU, NLNP-PAMO (via Zoom) |
| 3. KATHLEEN JANE R. LUGTU | - | Forest Technician I, NLNP-PAMO |

Resource Speakers/ Mga Panauhin:

- | | | |
|---------------------------|---|--------------------------------------|
| 1. ENGR. ALAN L. VALLE | - | OIC-PENR Officer, Oriental Mindoro |
| 2. RODEL M. BOYLES | - | CENRO, Socorro, Oriental Mindoro |
| 3. BEA NATASHA R. FORTU | - | Forester II, DENR-PENRO, Or. Mindoro |
| 4. LENIE GONZALES | - | BFAR MIMAROPA |
| 5. MARY ROSE C. MARTIN | - | BFAR MIMAROPA |
| 6. RAYMUNDO DEKA CRUZ JR. | - | BFAR MIMAROPA |

I. Panalangin

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-2:12 ng hapon sa pamamagitan ng isang panalangin gamit ang isang *video presentation*.

II. Pag-Awit Ng Pambansang Awit Ng Pilipinas

Muling nagkaroon ng *video presentation* para naman sa pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas.

III. Adyenda

1. Pagpapakilala sa mga nagsipagdalo at pagpapatunay ng kurom

Naging tagapagpadaloy sa umpisa ay si Bb. Bea Natasha R. Fortu in-acknowledge ang presensya ng Regional Director ng DENR MIMAROPA na si Bb. Lormelyn E. Claudio na siyang awtomatikong naging tagapanguna sa nasabing pagpupulong bilang siya ang *Chairperson* ng PAMB. Idineklara ni PASu Ricardo R. Natividad na mayroong korum kung kaya't inumpisahan na ang pagpupulong sa pangunguna ni RED Claudio. Kinilala ni RED Claudio ang presensya ng bawat isa muling pagpupulong patungkol pa rin sa tulong na maibibigay para sa mga naapektuhan ng *oil spill* sa bayan ng Naujan at Pola. Kanya ring binigyang-pansin ang mga napagkasunduan ng huling pagpupulong lalo na ang pagpresenta muli ng BFAR ng kanilang proyekto ng mas detalyado upang malinawan ang bawat miyembro ng PAMB.

2. Presentation and Approval of the Previous Minutes

Ipinakita ng *secretariat* ang minutes ng nakaraang pagpupulong noong ika -4 ng abril taong 2023. Dahil nakapagbigay agad ng kopya ang PAMO sa mga miyembro ng PAMB ay wala ng naitalang babaguhin sa nasabing minutes.

A. Presentation about the Profile of Naujan Lake National Park (NLNP)

Ibinahagi ni PASu Natividad ang mga detalye tungkol sa NLNP upang magkaroon din ng kaalaman ang mga taga BFAR at iba pangkalahok sa pagpupulong. Sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation* ipinakita ni PASu Natividad ang mga mapa at larawang kuha sa NLNP.

Itinanong ni RED Claudio na kung ang mga dumadaloy na tubig sa NLNP ay malalaking ilog na sinagot naman agad ni PASu Natividad na may malalaking ilog na nakakonekta sa NLNP at ang iba ay mga *creeks*. Paglilinaw ni RED Claudio na mayroong 481 *registered fisherfolks* sa loob ng NLNP, dagdag pa ni PASu Natividad na mayroong datos ang PAMO na kung saan nakatala bawat barangay ang mga nakarehistrong bangka ng mga mangingisda.

Tanong ni PENRO Alan L. Valle na ang *bodies of water* ng NLNP ay maaring pangisdaan dahil ito ay nasa Multiple-Use Zone. Dagdag pa niya na ang pagpupulong na ito ay para pag-usapan kung paano matutulungan ang mga naapektuhan ng *oil spill* na kung saan gaano karami ang maaring pumasok na mangingisda sa loob ng NLNP na maari ding hindi kayanin ng NLNP at baka ito ay ma-overload. Kaya tanong niya kung ilan ang kapasidad ng NLNP upang ma-accommodate ang proyekto na gagawin ng BFAR. Sagot naman ni PASu Natividad na wala pang nalalagay na *carrying capacity* ang NLNP. Dagdag ni PENRO Valle na kahit anong proyekto ang ilagay sa loob ng NLNP ay maari dahil wala pang basehan kung ilan ang *carrying capacity* at maaring ang DENR na lang ang mag-estima kung gaano karami ang papasok sa loob ng parke. Sagot naman ni PASu Natividad na hindi lahat ng katubigan ng NLNP ay maaring pangisdaan dahil mayroong parte ng lawa ang sobrang lalim. Muling tinanong ni PENRO Valle kung ano ang kabuuang sukat na maaring pangisdaan sa lawa. Ayon kay PASu Natividad ang maaring pangisdaan sa NLNP ay may sukat na 2,000-3,000 hectares. Dagdag pa ni Bb. Raquelita Umali ng Naujan na mayroong 7,375 hectares lamang ang natira para sa MUZ 90% ng kabuuang 8,125 hectares. Dagdag pa ni PENRO Valle na kung iyong mga nakarehistro at hindi pa nakarehistro ay kung sila rin ang *beneficiaries* ng BFAR at kung ang pag-uusapan ay tungkol sa paglalagay ng *cages* ay maaring payagan pero magkakaroon pa rin ng resolusyon tungkol dito dahil ayon sa *Management Plan* ay hindi maaring maglagay ng *cage*. Ngunit kung mangingisda sila sa loob ng NLNP ay yoon ang hindi maari dahil baka hindi kayanin ng NLNP iaccommodate ang lahat ng mangingisda.

Sinabi ni RED Claudio na ipresenta muna ng BFAR ang kanilang *proposal* bago pag-usapan ng PAMB kung ano ang magiging desisyon sa kadahilanang baka may dinagdag ang BFAR sa kanilang *proposal*. Ito ay sinang-ayunan naman ng nakararami.

B. Presentation of BFAR re: alternative livelihood interventions in NLNP for oil spill affected fisheries of Naujan and Pola

Tinalakay ni Bb. Lenie Gonzales ng BFAR ang mas detalyadong proyekto na gagawin nila sa loob ng Naujan Lake National Park sa pamamagitan ng isang *powerpoint presentation*. Ipinakita ni Bb. Gonzales ang mayroong 800 litrong langis ang karga ng nasabing lumubog na barko na may labin-dalawang munisipalidad ng Oriental Mindoro ang apektado na may kabuuang 10, 447 *resgistered fisherfolks*.

Ang mga proyekto na nabanggit ay naipamahagi at naisagawa na ng BFAR para sa mga benepisyaryo.

Ang mga sumusunod naman na proyekto ay ang mga *proposed project* ng BFAR. Ito ay makakatulong sa mga mangingisda na naapektuhan ng *oil spill* upang mapagkunan ng ikakabubuhay habang mayroon pang *fishing ban* sa lalawigan.

Municipality	Project	Amount (Php) per beneficiary	No. of Beneficiaries	Total Amount
Naujan and Pola	50 units of fiberglass reinforced plastic fishing boats		100	₱ 5,000,000.00
Bansud and Naujan	10 units 5x5 bamboo fish cages and 2 units of HDPE fish cages		100	₱ 5,000,000.00

Ayon kay Bb. Gonzales, maglalagay ng dalawang *unit ng HDPE cages* na may sukat na 15 meter diameter na maaring maglaman ng 45,000-50,000 *fingerlings* ng bangus at maglalagay din ng 10 x 10 meters ng *bamboo cages*. Ang mga *cages* na ito ay may kabuuang sukat na 1,353.4 *square meters*.

Paglilinaw ni Bb. Marilyn M. Alcañices ng PAgO, kung gaano kadami ang nilalaman ng isang *HDPE cages*. Ito naman ay sinagot ni Bb. Gonzales na ang bawat *HDPE cages* ay maaring maglaman ng 45,000-50,000 *fingerlings*. Dagdag na tanong ni Bb. Alcañices kung gaano karaming pakain ang mauubos ng 45,000 *fingerlings* sa loob ng 135 na araw at kung sino ang magbibigay ng pondo para sa proyektong ito. Bilang pagbibigay pansin sa *feed consumption*, nilinaw pa ni Bb. Alcañices kung may pagtataya na ang BFAR kung ilan ang *feed consumption* ng ilalagay na isda para na rin malaman kung gaano karami ang *feed consumed at leftovers*. Sa ganitong paraan, aniya, ay magkakaroon ng ideya ang PAMB kung ito ba ay magiging dahilan ng polusyon at pagdagdag ng sediments sa lawa. Ayon kay Bb. Gonzales, ang proyektong ito ay sasagutin lahat ng BFAR hanggang sa mga pakain para sa mga isdang nasa *cage*. Dagdag pa niya na tanging *manpower* na lamang ang ibibigay ng mga tao para dito. Muling nagtanong si Bb. Alcañices na kung maaaring maipakita sa PAMB ang *breakdown* na magagastos mula sa paggawa ng *cages* hanggang sa mga pakain ng mga ito. Ayon naman kay Bb. Gonzales, ang hinihingi ni Bb. Alcañices na datos ay hindi nila dala. Sabi naman ni Bb. Alcañices na iyon sana ang gustong makita ng PAMB para sa desisyon nilang gagawin. Hiniling naman ni RED Claudio na kung maari makapagbigay ng kopya ng presentasyon nila ang bawat miyembro ng PAMB para mapag-aralan din. Dagdag pa ni RED Claudio na mag-*secure* din sila ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para dito at dahil ito ay nasa loob ng Protected Area dadaan pa rin ito sa pagkuha ng Environmental Impact Assessment (EIA).

Dagdag na paglilinaw pa rin ni Bb. Raquelita Umali ng Naujan, bagamat napag-usapan na ang proyektong gagawin ng BFAR na kung saan ay naka-*focus* ang miyembro

sa *title* ng proyekto na ngayon ay kailangan pa ring makita ang *economic aspect*. Ngunit hindi pa rin madetalye kung paano ia-*avail* ang proyektong ito. Ayon pa sa kanya, gusto niyang makita kung ano ang pagsisiyasat ang ginawa ng BFAR hanggang makabuo sila ng ganitong *proposal* at mayroon bang ibang proyektong naiisip maliban dito. Tanong niya kung *food security* ang titingnan ay dapat bang *fish cages* agad sa NLNP ang gagawin dahil baka mayroon pang ibang *strategies* o *methodology*. Hindi pa rin nabanggit ang mga *beneficiaries* kung sino-sino ang makakatanggap ng kanilang *proposal*. Bagaman ay may nabanggit silang kasama sa *benefeciaries* katulad ng Herrera, San Jose, San Antonio ay nakonsidera ba nila ang *accessibility* ng mga ito sa lawa. Dagdag pa niya na marami pa ring kulang na detalye na sana ay mabigyan nila ng linaw para alam ng bawat miyembro ng PAMB kung ano iyong sinosupportahan at iyong ino-*oppose* na *proposal*. Pahabol ni Bb. Gonzales na 130,750 kilos na pakain para sa 10 *units* ng *bamboo cages* at 82,650 kilos para naman sa 2 *units* ng HDPE *cages*.

Pinasalamatan ni Bb. Diamante ang presentasyon ng BFAR, bagaman ay nakita ang ROI at ang environmental aspect ng *proposal* ngunit kulang pa rin ang hinahanap ng PAMB ay paano ima-*manage* ng BFAR ang proyektong ito mula sa *installation* ng *cages* hanggang sa pag-haharvest. Katulad ng sinabi ni Bb. Umali, nakonsidera ba ang distansya ng mga benepisyaryo. Dagdag ni Bb. Diamante na kapag pinapasok ang ganitong proyekto na nakikita naman ng mga tao na malaki ang *impact* ay paano ima-*manage* kapag natapos na ang *agreement*. Kaya bang i-*manage* ng mga People’s Organization ang proyektong ito ang kinababahala ng PAMB ay baka sa kamay ng *investor* ito bumagsak. Nabanggit din aniya sa unang pagpupulong ang *concrete cages* na kung saan ay malaki ang magagastos. Nagpatuloy siya na dapat kumalap muna ng datos sa labas ng NLNP para matulungan pa rin at malaman talaga ang mga apektadong mga mangingisda na kung saan makakapag-*secure* pa rin ng pagkain na mas malapit sa komunidad. Ayon kay Bb. Diamante na mayroong mga abandonadong *fishpond* na kung saan maaring i-*develop* at madaming opsyon sa labas ng NLNP na kung saan mas malapit at makikita ng komunidad na ang mga *undeveloped* na *fishpond* na ito ay pagmamay-ari din ng gobyerno na mayroong 278 hectares para sa *undeveloped brackish water* at para naman sa *freshwater* mayroong 3 hectares na ito ay nasa komunidad. Hiling ni Bb. Diamante na tingnan din ito ng BFAR na maari nilang gawin sa proyekto nila para mapadali din ang *accessibility* ng mga tao. Ayon sa datos na mayroon si Bb. Diamante, mayroong *brackish water* na 41 ektarya sa Naujan at sa Pola naman ay mayroong 480 ektarya. Nabanggit ni RED Claudio na tingnan pa rin ang mga abandonadong *fishpond* na ito kung hindi kasama sa apektado ng *oil spill*. Dagdag pa ni Bb. Diamante, bilang isang *environmental group*, hindi siya pabor sa *cages* sa NLNP kung kaya’t nagbigay siya ng iba pa maaring tingnan ng BFAR para sa proyekto nila. Kailangan ding makita ng PAMB ang *management mechanism* ng BFAR tungkol sa *proposal* nila kung paano nila ima-*manage* ang mga tao sa loob ng NLNP. Dagdag ni RED Claudio na dapat magkaroon ang BFAR ng pag-organisa ng mga mangingisda bago isabak sa ganitong proyekto na katulad ng ginagawa ng DENR sa mga Community-Based Forest Management Agreement (CBFMA) na kung saan nagkakaroon ng *training* at ang ine-*expect* ng PAMB galing sa BFAR ay ang *management mechanism*.

Ibinahagi ni Bb. Gonzales ang kanilang pangalawang *proposal* na 50 *units* of *fiberglass reinforced plastic fishing boat* na kung saan ang bawat munisipyo ay dadaan sa *training* sa paggawa ng mga bangkang ito.

Municipality	Number of Beneficiaries
Baco	7 pax
Naujan	8 pax
Pola	8 pax
Pinamalayan	7 pax
Gloria	7 pax
Bulalacao	8 pax
Naujan Lake	5 pax
Total	50 pax

211 Sa kalagitnaan ng paglalahad ng proyekto ng BFAR, napansin ni Bb. Rachel B.
212 Montero ng DOST na napalitan ang *beneficiaries* na naging *lakeshore fisherfolks*. Dagdag
213 pa niya na alam ng mga taga-Naujan Lake na bawal ang maglagay ng mga *cages* sa lawa.
214 Kung ang proyektong ito ay patungkol sa *food security*, sumasang-ayon si Bb. Montero sa
215 suhestiyon ni Bb. Diamante tungkol sa mga *abandoned fishponds* na malapit sa komunidad
216 para lamang sa seguridad ng pagkain. Alam naman ng nakararami, aniya, na bawal na bawal
217 ang maglagay ng mga *cages* sa lawa bakit hindi na lamang tingnan ang mga *fishponds* na
218 ito. Dahil kung ipipilit na ilagay ang mga ito sa NLNP, mayroon masasaling na *Management*
219 *Plan* na kung saan ito ang batas na ginawa para sa NLNP. Ayon kay Bb. Mary Rose Martin
220 ng BFAR na binago nila ang *proposal* base doon sa naunang pag-uusap. Dagdag pa niya na
221 kaya nila binago ang *proposal* dahil hindi daw payag ang PAMB na ang magiging
222 benipisyaryo ng kanilang proyekto ay ang mga *affected coastal fisherfolks* ng *oil spill*.
223 Kinontra naman ito ni Bb. Montero na hindi naman tutol ang PAMB ngunit naisip lamang
224 ng kapulungan ay iyong *accessibility* nila na kung gusto ba nilang mangisda sa NLNP. Dahil
225 ang *main purpose* ng *proposal* ay para sa mga *affected fisherfolks*. Sinang-ayunan naman ni
226 Bb. Diamante ang naging komento ni Bb. Montero at sinabi din niya na walang *statement*
227 ang PAMB na *against* ang PAMB na hindi mga taga-tabling-lawa ang makikinabang.
228 Binalik ni Bb. Diamante ang kanilang katanungan noong unang pagpupulong na kung ang
229 *proposal* na ito ay natalakay na sa mga komunidad na kung saan sinagot din ni RD Asis na
230 hindi pa sila bumababa sa komunidad upang talakayin ito na kaya naglahad muna sila sa
231 PAMB ay para malaman kung payag ang PAMB sa *cages* bago nila kausapin ang
232 komunidad. Dagdag din ni RED Claudio na kung ang *proposal* nila ay naka-*focus* sa mga
233 taga-*lakeshore*, papaano ang mga apektadong coastal fisherfolks. Hiling ni RED Claudio na
234 tulungan na ang BFAR para sa kanilang proyekto at para matulungan din ang mga
235 apektadong mangingingisda.
236

237
238 Suhestiyon ni RED Claudio na gumawa ang BFAR ng Technical Working Group
239 (TWG) para matulungan sa paggawa ng mga *mechanics*. Hiniling din niya na tulungan ni
240 Bb. Grace Diamante ng MBCFI at ni Bb. Marilyn Alcañices ng PAgO. Sinang-ayunan
241 naman ni Bb. Alcañices ang suhestiyon ni RED Claudio na dapat upuan at para makita ang
242 *whole value chain* ng kanilang proyekto para matulungan ang mangingingisda simula sa
243 *production* hanggang sa *marketing*. Dagdag pa niya na habang naka-*hold* ang *cages* ay
244 magkaroong ng ibang option katulad ng *seeding* na kung saan ang ilalagay ay ang mga
245 *indigenous species* sa NLNP dahil matatapos na ang *oil spill* at alam naman ng PAMB na
246 mayroong pondo ang BFAR tungkol sa proyektong ito. Pagpapatuloy niya na bakit hindi na
247 lamang magkaroon ng *stocking* ng *indigenous species* sa NLNP na mayroon namang
248 *fingerlings* ang BFAR. Dagdag ni RED Claudio na maaari naman i-*consider* ang *fish cages*
249 ngunit hindi makita ng PAMB ang *mechanism* na iyon ang nawawala sa presentasyon ng
250 BFAR. Iminungkahi ni RED Claudio na kapag nakagawa na ng mga *mechanism* na
251 hinahanap ng PAMB ay maaari ulit itong ipresenta sa *Board*.
252

253 Ayon kay Bb. Umali na ang Naujan ay hindi sumasang-ayon sa paglalahad ng *fish*
254 *cages* sa lawa kahit makikinabang ang mga barangay ng Naujan *lakeshore* o *coastal*
255 barangay. Muli niyang ipinahayaga na ang Bayan ng Naujan ay malaki ang respeto sa
256 NLNP *Management Plan* na pinagbabawal ang paglalahad ng *fish cages* sa lawa na hindi
257 maaaring balewalain ang *Management Plan* dahil dumaan ito sa napakahaba at daming
258 proseso para mabuo ito. Dagdag pa niya, dahil sa haba ng usapaing ito, patapos na ang *oil*
259 *spill* hindi pa rin makapagbigay ng desisyon ang PAMB at kung magkakaroon naman ng
260 TWG para sa paggawa ng *mechanics* ay dapat magkaroon ng *consultation* sa mga
261 *stakeholders*.
262

263 Iminungkahi ni RED Claudio na kasama ang mga taga Provincial Government,
264 LGUs, PENRO/CENRO at BFAR na mag-umpisa ng magkaroon ng *consultation* sa mga
265 mangingingisda upang pag-usapan ang proyekto ng BFAR. Pagkatapos ng pag-uusap sa
266 komunidad at makabuo ng *proposal* ay muling i-*present* sa PAMB ang napag-usapan.
267 Dagdag pa niya na wala pang desisyon ang PAMB hangga't hindi nakikita o naiintindihan

ang gustong mangyari ng BFAR at ng komunidad. Dagdag pa ni RED Claudio na bilang DENR, tutulungan nila ang BFAR at para sa mga mangingisda ay makabuo ng proyekto para matulungan ang mga apektadong mangingisda ng *oil spill*. Maaring maghanap ang PENRO ng lugar na kung saan labas sa NLNP at maaring pagtayuan ng *fishponds* at ng *smoke fishing industry*. Sinang-ayunan naman ni CENRO Rodel M. Boyles ang pakikipag-usap sa komunidad kasama ang LGUs at BFAR para pag-usapan ang proyekto ng BFAR na kung saan ang makikinabang ay ang mga apektadong *fisherfolks*. Hiling ni RED Claudio na i-revise ng BFAR ang kanilang *proposal* sa pag-uusap sa komunidad.

Ayon kay CENRO Boyles na magkakaroon ng *assessment* sa Butas River na iyon ang lugar na iminungkahi noong nakaraang pagpupulong at ang Calawangan Lake sa Lungsod ng Calapan, ayon naman sa BFAR. Titingnan din ang mga lugar na nabanggit ni Bb. Diamante na mga *fishponds* sa tulong ng PAgO. Magkakaroon ng *inventory* ng *potential area* hindi lamang doon sa DENR gayundin yung sinasabi ng PAgO, sinabi din ni CENRO Boyles na maghahanap pa rin ng lugar *within* sa munisipyo ng apektado ng *oil spill* at para mailayo sa NLNP.

Ayon kay Bb. Alcañices na nagkaroon ng sila ng *survey* sa mga *productive* at *unproductive fishponds* at bibigyan niya ng kopya ang DENR. Sinabi ni RED Claudio na ang DENR ay gustong tulungan ang mga apektadong mangingisda at magkaroon ng *agreement* na sinang-ayunan naman ni CENRO Boyles. Dagdag pa ni Bb. Alcañices na mayroon din sila na na-*identify* na mga *mangrove areas* na maaring i-*validate* at gawing *aquaculture*.

Ayon kay RED Claudio ito ay magiging LGUs, DENR at BFAR *project* na kung saan ang BFAR ang magbibigay ng pondo at tutulungan ng sila ng DENR at LGUs para sa *organizing* at *managing*. Dagdag pa ni Bb. Alcañices na ang BFAR ang mangunguna sa gawaing ito lalong na ang *logistics* na sinang-ayunan naman ni RED Claudio na tutulungan ang BFAR. Iminungkahi din ni Bb. Diamante na tutulungan din nila ang BFAR sa kanilang proyekto dahil nais din nila matulungan ang mga apektadong *fisherfolks*. Malugod naman tinanggap ni RED Claudio ang bolontaryong pagtulong ng MBCFI sa programa ng BFAR.

Hiningi ni RED Claudio ang suhestiyon ng PAMB para sa direksyon ng pagpupulong. Iminungkahi ni Bb. Diamante na i-*postpone* muna ang proyektong ito dahil sa kakulangan ng impormasyong at habang hindi pa nakakapagsagawa ng *consultation* sa komunidad. Sinang-ayunan naman ito ni Bb. Montero ng DOST.

3. Adjournment

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-4:20 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni Bb. Grace Diamante ng MBCFI na pinangalawahan ni Bb. Rachel Montero ng DOST at ng lahat ng dumalo.

Inihanda ni:


RICARDO R. NATIVIDAD
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan at Pinagtibay ni:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director/PAMB Chairperson



**Photo Documentation during the 2nd Special Executive Committee Meeting
(April 13, 2023, Thursday)**





Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
Community Environment and Natural Resources Office
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE



Participants attended via Zoom

Zoom Meeting

m DENR MIMARO... DENR Victor R. Estrad...

mamay turing DENR MIMAROPA De... DENR Victor R. Estrada Jr. ...

Recording...

Our proposal:



50 units of Fiberglass Reinforced Plastic Fishing Boats

Seeding thru Balik Sigla sa Ilog at Lawa (BASIL) Program

Participants (17)

Find a participant

- [M] [DENR MIMAROPA] Regional E...
- 359502
- A.J. Valle
- CD cesar delica-socorro
- D DENR
- DENR MIMAROPA CDD_Michael...
- DM DENR MIMAROPA Dean Molina
- DOST-MIMAROPA_RMontero
- EN EMB_MIMAROPA NICOLE YURI ...
- Jet Fabellon
- Jose Maria Fontanilla
- MBCFI Grace Diamante
- SS Samsung SM-A136B
- VR Victor R. Estrada Jr. - DWCC

Invite Mute All

Type here to search

ENG 3:29 pm 13/04/2023

Zoom Meeting

Victor R. Estrad... m DENR MIMARO... DENR

DOST-MIMAROPA_R... MBCFI Grace Diamante Victor R. Estrada Jr. ... mamay turing DENR MIMAROPA De... DENR

Recording...



DENR ORMIN

Type here to search

ENG 4:07 pm 13/04/2023



Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet
Naujan Lake National Park- Protected Area Management Board
Special Executive Committee Meeting
April 13, 2023

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1	Rebecca M. Amari		/	MOH I	LCR Naujan	09175620062	Jmas
2	Darwin Dora Cruz Jr.	/		Executive Asst III	BFAR Mimaropa	09164714043	comy
3	Lenie M. Gonzales		/	DICPTD	BFAR Mimaropa	09175342322	cees
4	Mary Rose Martin		-	EA II	BFAR Mimaropa	09128974818	pc
5	Marilyn M. Deamex		/	Supervisor's Asst	PHCD	09176356177	My
6	Shirine Ashley D. Amuram		/	RS	C-BOC	09116362494	My
7	Beth Tada		/	PH II	PHMA		My
8	Rodel M. Amilis	/		Genl Asst	CENR Sur		My
9	Ricardo P. Padilla	/		PH I / Genl Asst	CENR Socorro		My
10	Ronaldo Suriez	/		ISA II	PENRO		My
11	Ven Leubert Quijano	/		ICR ST-20	PENRO		My
12	Nama Hanna Padigud		/	Deputy Secretary	PENRO		My
13	Neil Edgar Dex P. Marza	/		CMEMP-ED	PENRO	09282036519	My
14	Airen Carey		/	PH I	PENRO		My
15	Donagon E. Padigud	/		PH III	PENRO		My



Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet

Naujan Lake National Park- Protected Area Management Board Special Executive Committee Meeting

April 13, 2023

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
16	Archer G. Arria, Jr.	✓		POII	DEUK- PERMO		
17	Marylyn R. Carpio		✓	Asst. Sec. (C.O.)	do		
18	Arnell B. Alarcena		✓	LMO-1	do		
19	Rachel Gida		✓	MS	do		
20	KENETH PUDIGUET			FTII	DEUK- PERMO		
21	GIL BACATAN	✓		ADMIN AND IV	"		
22	Kristi Tolentino		✓	TR	"		
23	Jay Wilhelm Zeus Lourds Kabiligan		✓	CGRI	CENRO Socorro		
24	ALAN L. NOME	✓		OLC-PERMO	PERMO		
25	Kathleen Jane R. Luyth		✓	FTI	CENRO Socorro		
26							
27							
28							
29							
30							